



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIFI SA KATUTUKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 HUNYO 1996, IKA-9,00 NG UMAGA SA
DULNAGANG PUTUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batios
Kagawad Ferdinand V. Talene
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Ernesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramil O. Bernal

KAPASTAHAN BLG. 057
Taong 1996

KAPASTAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PAMBANSANG
TANGGAPAN NG ESTADISTIKA SA MAAQANG PAGLALADA NG
RESULTA NG SENSO SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG
MINDORO.

SAPAGKA'T ang datos sa populasyon at iba pang mauukel sa sesye-ekono-
mikong pag-unlad ng isang pamayanan ay lubhang kailangan para
sa data bank at profile ng isang bayan;

SAPAGKA'T sa pana-panahon ang mga malikom na ganitong datos ay ginaga-
mit ng pamahalaang lokal para sa pagpaplan ng mga proyekto
at gawing pangkaunlaran na iniaangkop sa mga pangangailangan
ng mga mamamayan at sa mga reserves o lilas na yaman ng lugar;

SAPAGKA'T ang ibang mga ahensyang pampamahalaan gayundin ang mga NGOs
ay lagi ring nakikipag-ugnayan sa pamahalaang lokal para sa
mga datos ng bayan o barangay na kailangan ng kanilang ahensya
sa mga proyektong ipinatutupad ng mga ite;

SAPAGKA'T ang mga barangay ng bayang ito lalo na ang malalaking baran-
gay na mapakabilis ng pag-unlad sa toon ng pagdami ng tao sa
kanilang lugar at sa mga pangkaunlarang proyekto gayundin sa
mga mithing pang-sesye-ekonomiko at pampolitika ay nagkaka-
reen ng paghahangad na maihiwalay at makapagsarili;

SAPAGKA'T ilang barangay ng bayang ito ang nagpahayag ng kanilang in-
tensyon na maihiwalay at magsarili upang higit na magamit at
mapaunlad ang mga kapaacid at kakayahan ng mga mamamayan sa
paglililang ng mga reserves;

SAPAGKA'T sa mga kadahilang ito ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay
nagkakaisang nagpaaya na hilingin sa mga kinamukulan at sa
puntong ito ay sa Pambansang Tanggapan ng Estadistika ang maa-

gang pagpapalabas ng resulta ng sence ng taong 1995 sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talena na sinangayunan ng lahat -


IPINASYA gaya ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Pambansang Tanggapan ng Estadistika ang maagap na paglalabas ng resulta ng sence sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na ngaye'y diyang hinihintay ng ilang barangay ng bayan ito bilang isa sa mga pangangailangang dapat maisunite sa kanilang paghahangad na maging isang buong barangay.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapeyuhang ito kay G. Tomas O. Africa, Civil Registrar General, Pambansang Tanggapan ng Estadistika, Sta. Mesa, Maynila para sa kanilang masusung akoyen sa kahilingang ito.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Tanggapan ng Punong Panlalawigan at ang Sangguniang Panlalawigan, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang suporta sa kapeyuhang ito.

Pinatibay: 17 Hunyo 1996


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor